

Ang Buhay pagkataposng Kamatayan Yugto 9
Pahayag Kabanata 5-6
Ang Pangalawang Pagparito ni Cristo – Ang Kapighatian

Ipagpapatuloy pa natin ang ating talakayan tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan at sa mga pangyayari ng pangalawang pagdating ni Cristo mula sa aklat ng Pahayag.

Sa **Pahayag 5** makikilala natin na si Jesus, ang Dios Anak ay nasa luklukan gaya ng tupa na pinatay. **“1 At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinataakang mahigpit ng pitong tatak.** (Ang aklat na ito sa kanang kamay ng ng nasa luklukan sa aklat ng paghatol ng Dios, nakasulat dito ang mga bawat na gagawin ng Dios. Ang nakasulat sa aklat ay nakasulat sa parehong loob at likod ng mga detalye ng paghatol ng Dios. Sa panahon ng kapighatian ibubuhos ng Dios ang Kanyang gagawing paghatol sa masasama. Tungkol sa pitong tatak mapapansin na ang paghuhukom ay magkasunod na pagkakasunod-sunod, ngunit ang layunin ng pitong tatak ay hindi ipinahayag ang magkakasunod na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari kundi ang kalikasan ng mga ito at ang malaking kapighatian na dadalhin ng Dios sa buhay ng masasamang tao. Ang ilan sa mga tatak ay maaring sumasalamin sa pagkakasunod-sunod ng paghuhukom. Gayunpaman, ang layunin ng mga tatak ay upang bigyang-diin ang ilang mga paksa tungkol sa paghatol at ang paraan kung saan ang paghatol ay magaganap kapag ipinahayag na si JesuCristo. **Kaya nga kailangan nating mamuhay sa gayong uri ng buhay sa kabanalan upang maiwasan ang gayong uri ng paghatol na magaganap sa panahon ng kapighatian, dahil nakipagkasundo tayo sa Banal na Kasulatan na ang kapighatian ay maguumpisa sa lupa pagkatapos ng pag rapture kapag tayo ay nasa Panginoon sa Langit.)** **2 At nakakita ako ng isang malakas na anghel na nagtatanyag ng malakas na tinig, Sinong karapatdapat magbukas ng aklat, at magtanggap ng mga tatak nito?** (Ang Dios ay makatarungan, at ibibigay Niya ang paghatol sa karapat dapat na tumutugon sa pamantayan at gumawa ng nasa isip at kalooban ng Dios. **Ang kapighatian pagkatapos ng rapture ay isang paglilitis sa hukuman, kung saan tinatawag ng Dios ang hukom upang hatulan ang mga naninirahan sa lupa na hindi tumalima sa Kanyang kalooban, tinanggihan ang Kanyang Salita at ang Kanyang Cristo.)** **3 At sinoman sa langit, o sa ibabaw man ng lupa, o sa ilalim man ng lupa, ay hindi makapagbukas ng aklat, o makatingin man.** (Walang sinuman ang karapat dapat na mamuno sa paghatol ng Dios sa panahong ito, sapagkat lahat tayo’y makasalanan at hindi nakaabot sa kaluwalahatian ng Dios. Walang taong karapat dapat magbukas ng aklat o tumingin sa loob nito ng kung anong dadalhing paghatol ng Dios sa mga taong suwail.) **4 At ako’y umiyak na mainam, sapagka’t hindi nakasumpong ng sinomang marapat magbukas ng aklat, o makatingin man.** (Si Juan ay nanaghoy dahil walang sinuman doon ang karapat dapat; ni magbukas ng aklat, o magbasa nito, o tumingin dito. Ito ay katulad ng hukuma ng paghatol sa Langit at ang isang karapat dapat na hukom ang kailangang naroon upang mamuno sa hukuman. Alas wala tayong magagawa kung walang awa ng Dios sa atin sa pamamagitan ni JesuCristo na ating Panginoon.) **5 At sinabi sa akin ng isa sa matatanda, Huwag kang umiyak; narito, ang Leon sa angkan ni Juda, ang Ugat ni David, ay nagtagumpay upang magbukas ng aklat at ng pitong tatak nito.** (Narito ang mabuting balita ay dumating: Isa sa mga matatanda ang nagpahayag ng tagumpayan at ipinabatid kay Juan ang tungkol dito. Sinabi Niya sa kanya **“Huwag kang umiyak”**, na iyon ay huwag manangis dahil ang Lion ng lahi ng Juda, ang Panginoong JesuCristo, ang anak ni David ay nagtagumpay at Siya ay karapat dapat at nanaig upang buksan ang aklat kalagan ang pitong tatak at simulan ang mga pangyayari sa paghuhukom ng Dios. **Huwag kayong umiyak mga makasalanan, sapagkat may pag asa pa para inyo ngayon na magsisi ngayon at bumalik sa Dios at lumakad sa Kanyang mga landas upang kapag si Cristo ay dumating, kayo ay makakatakas sa kapighatian.)** **6 At nakita ko sa gitna ng luklukan at ng apat na nilalang na buhay, at sa gitna ng matatanda, ang isang Cordero na nakatayo, na wari ay pinatay, na may pitong sungay, at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Dios, na sinugo sa buong lupa.** (Si Apostol Juan ay tuminging muli sa luklukan ng Dios na may sariwang mga mata at ngayon ay nakita si Cristo. Nakita niya sa gitna ng luklukan, isang bagong bagay na hindi niya nakita dati. Sa gitna ng apat na mga nilalang, sa gitna ng matatanda, sa gitna ng Simbahan, nakita niya si Jesus, ang Anak ng Dios na ibinuhos ang Kanyang dugo sa krus para sa ating mga kasalanan, ang isa sa, sa pagiging Cordero ng Dios, ay tumupad sa pangako ng Dios para sa Israel. Si Cristo ay nakita dito na may bagong pagtututok bilan handang magbigay ng paghatol dahil Siya ay pinatay para sa ating mga kasalanan. Siya ay nakatayo gaya ng mababasa natin **“ang isang Cordero na nakatayo”**, handang simulan ang paghatol. Si Juan Bautista ay sinabi ang tungkol kay Jesus, na Siya ang Cordero ng Dios gaya ng mababasa natin dito, **“29 Nang kinabukasan ay nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kaniya, at sinabi, Narito, ang Cordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan!”** (Juan 1:29 KJV) Kaya malinaw na ipinakita dito ni Jesus na Siya Mismo ang Cordero ng Dios, sa gitna ng luklukan, at nakita rin ni Juan Siya, **“na may pitong sungay, at pitong mata, na siyang pitong Espiritu ng Dios, na sinugo sa buong lupa.”** Na nangangahulugan ang pinatay na Cordero, si JesuCristo, na may sakdal na kapangyarihan na kumakatawan sa pamamagitan ng **“may pitong sungay,”**; at nagsasaliksik sa Espiritu nang makapangyarihan naghahanap at pagkakaroon ng sakdal na pang unawa na kumakatawan sa pamamagitan ng **“pitong mga mata”**, upang ihayag ang natatago, kung saan ang kasakdalan ng Espiritu ay kumakatawan sa **“sa pitong espiritu ng Dios”**, na isinugo upang ipamahagi ang paghatol ng Dios.) **7**

At siya'y lumapit, at kinuha ang aklat sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan. (Ang pinatay na Corderong ito sa pagiging karapat dapat ay nauna at kinuha ang aklat upang magpasimuno ng paghatol ng Dios sa mga masuwayin sa panahon ng kapighatian. Ang pagkilos na iyon ng pinatay na Cordero ay upang ipakita na Siya ay karapat dapat na kunin ang aklat at buksan ang tatak dahil Siya ay pinatay at binayaran ang kabayaran ng kasalanan ng buong sanglibutan.) **8 At pagkakuha niya ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal.** (Ang apat na mga nilalang at ang dalawampung apat na matatanda ay nagpatirapa sa harap ng cordero sinasamba Siya, nagdiriwang at inaalala ang Kanyang tagumpay sa krus. Sila'y may mga alpa para sa pag awit at puno ng kamangyan na mga panalangin ng banal na iaalay nila sa Dios. **Ang ating mga panalangin at pagsusumamo ay mahalaga at ito'y lilikumin at ang mga ito ay sasagutin at matutupad sa takdang panahon ng Dios; kung hindi ngayon at pagkatapos, kahit sa panahon ng rapture at kapighatian, tutuparin ng Dios ang mga ito at dadalhin ang paghatol sa mga taong nagpasakit sa atin, sa Kanyang simbahan, at sa Kanyang mga banal.**) **9 At sila'y at nangagaawitan ng isang bagong awit, na nagsasabi, Ikaw ang karapatdapat na kumuha ng aklat, at magbukas ng mga tatak nito: sapagka't ikaw ay pinatay, at binili mo sa Dios ng iyong dugo ang mga tao sa bawa't angkan, at wika, at bayan, at bansa.** (Sila'y nagdiwang ng tagumpay ni Jesus ng may bagong awitin. Ang bagong awit kay Jesus dahil sa ipinangako Niya ay tinupad Niya, at ang mga banal at tayo ay kabilang sa kanila at sa pag rapture ay magdidiwang sa ipinangako ng Dios sa atin, pagpapahayag ang Kanyang tagumpay sa krus na pinasimula ng ating pgtubos at ang pagbili sa mga tao sa pamamagitan ng dugo ni Jesus mula sa bawat lahi, wika, bayan at bansa.) **10 At sila'y iyong ginawang kaharian at mga saserdote sa aming Dios; at sila'y nangaghahari sa ibabaw ng lupa.**(Sa pamamagitan ni Cristo tayo'y naging mga anak ng Dios, at kaya tayo ay mga anak ng Hari, at kaya tayo ay mga hari upang maghari at mamahala kasama Niya, at tayo ay maharlikang mga seserdote upang maglingkod sa Kanya at tumayo at magministerio sa harap Niya sa Kanyang bayan.) **“11At nakita ko, at narinig ko ang tinig ng maraming mga anghel sa palibot ng luklukan at ng mga nilalang na buhay at ng matatanda; at ang bilang nila ay sangpung libong tigsasangpung libo at libo; (Iyon ang mga anghel ng Dios, na milyong milyong bilang sa palibot ng luklukan upang ipagdiwang ang Kanyang tagumpay at maging handang sumunod sa Kanyang adhikain sa pagpapatupad ng Kanyang paghatol sa masama.) 12 Na nangagsasabi ng malakas na tinig, Karapatdapat ang Cordero na pinatay upang tumanggap ng kapangyarihan, at kayamanan, at karunungan, at kalakasan, at kapurihan, at kaluwalhatian, at pagpapala.** (Umaawit kasama natin, ang awit na nagpapahayag ng Kanyang tagumpay at ng Kanyang halag ng pagtanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, kalakasan, karangalan, kaluwalhatian at pagpapala, sa Kanyang tagumpay. **Habang tayo'y namumuhay sa kabanalan, naglilingkod sa Dios sumasamba sa Kanya at umaawit sa Kanya, at habang tayo'y nagpapatuloy sa ganoon, ang araw ay darating na gagawin natin iyon sa Langit sa harap ng Dios kapag dumating Siya upang kunin tayo. Kaya't mula sa pananaw na iyon ay patuloy tayong umawit sa Dios, si JesuCristo, ng isang bagong awit at patuloy na sambahin Siya at paglingkuran Siya.) 13 At ang bawa't bagay na nilalang na nasa langit, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay na nasa mga ito, ay narinig kong nangagsasabi, Sa kaniya na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero ay ang pagpapala, at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari, magpakailan kailan man. (“At ang bawat nilalang nasa langit”, na ibig sabihin alinman sa nabubuhay, hindi nabubuhay, mga anghel, ang espiritu ng matutuwid na tao, araw, buwan, atbp, “, at nasa ibabaw ng lupa, at nasa ilalim ng lupa, at nasa ibabaw ng dagat, at lahat ng mga bagay na nasa mga ito”, na ibig sabihinn na alinman na mga tao, nilalang bundok. halaman, atbp. Ang hindi na nabubuhay gaya ng araw, ng buwan, ang mga butuin, bundok, ilog, ang mga ito ay nilikha ng Dios at sila'y may kaluwalhatian gaya ng mababasa natin dito: **“39 Hindi ang lahat ng laman ay magkasing-isang laman: kundi may laman sa mga tao, at ibang laman sa mga hayop, at ibang laman sa mga ibon, at ibang laman sa mga isda. 40 Mayroon namang mga katawang ukol sa langit, at mga katawang ukol sa lupa: datapuwa't iba ang kaluwalhatian ng ukol sa langit, at iba ang ukol sa lupa. 41 Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin; sapagka't ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian.” (1 Corinto 15:39-41 KJV)** Sa awit na inawit ng mga anghel, kung gayon ang mga bawat nilalang ay nagsimulang umawit ng parehong awitin, na nagpapatunay sa lahat ng sinabi tungkol sa Cordero ng Dios gaya ng mababasa natin dito: **“nangagsasabi, Sa kaniya na nakaupo sa luklukan, at sa Cordero ay ang pagpapala, at kapurihan, at kaluwalhatian, at paghahari, magpakailan kailan man.”** Narinig sila ni Juan na umaawit at nagsasabi ng pagpapala, karangalan, kaluwalhatian at kapangyarihan ay nararapat sa Cordero. Ang Cordero, si JesuCristo ang ating Panginoon ay msy pinakamataas na kapangyarihan at awtoridad sa panahon ng kapighatian at Kanyang dinaig ang lahat ng mga nilalang, na nasa Kanya at maging ang mga laban sa Kanya.) **14 At ang apat na nilalang na buhay ay nagsabi, Siya nawa. At ang matatanda ay nangagpatirapa at nangagsisamba.” (Pahayag 5:14 KJV)** Pinagtibay ng apat na nilalang ang nilalaman ng awitin at ang dalawampung apat na matatanda ay pinagtibay din iyon, na si Jesus ay karapat dapat at Siya'y mabubuhay magpakailanman, nang sila'y nagpatirapa sa pagsamba sa Panginoon.) **(Pahayag 5:1-14 KJV)****

Bago tayo magpatuloy sa **Pahayag 6**, paalalahanan tayo tungkol sa pitong tatak na binasa natin sa **Pahayag 5:1**, **“At nakita ko sa kanang kamay niyaong nakaupo sa luklukan ang isang aklat na may sulat sa loob at sa labas, na tinata kang mahigpit ng pitong tatak** Na ang paghuhukom sa pitong tatak at may kasunod na

pagkakasunod sunod, ngunit ang layunin ng pitong tatak ay hindi upang ipahayag ang magkasunod ng pagkakasunod sunod ng mga mangyayari. Ang ilan sa mg tatak ay kumakatawan sa pagkakasunod sunod ng paghuhukom. Gayunpaman, ang layunin ng mga tatak ay upang bigyang-diin ang tiyak na mga paksa tungkol sa paghatol at sa paraan kung paano inihahayag ang paghatol ni JesuCristo. Kaya sa lahat ng Kanyang paghatol ay ipinahay ni Jesus ang Kanyang sarili sa sanglibutan sa panahon ng kapighatian.

Ating basahin ngayon at pagnilayan ang *Pahayag 6*, ***“1 At nakita ko nang buksan ng Cordero ang isa sa pitong tatak, at narinig ko sa isa sa apat na nilalang na buhay, na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog, Halika at tumingin. (“Halika at tumingin”, sinabi ng isa sa apat na nilalang, ay inulit dito sa kabanatang ito; “Halika at tumingin” ay upang hikayatin tayo ngayon na tingnan ang makatotohanang bagay upang palawakin ang ating kaalaman at ang ating pananampalataya sa Dios. Nais ng Dios na makita at matututo mula sa mga pangyayari ng buhay at mula sa sinasabi sa atin ng Salita ng Dios. Nais ni Crsito na malaman natin at palawakin ang ating pananampalataya, katapatan, at ibahagi ang mensahe, na Siya ang pasimula at ang Wakas. Ang Wakas ay nagsisimula sa pasimula ng mga Salita ng Paghuhukom ng Dios sa pamamagitan ni Cristo ang Buhay na Salita “at narinig ko sa isa sa apat na nilalang na buhay, na nagsalitang gaya ng tunog ng kulog,” nangangahulugang isang dakilang tunog ay mangyayari tulad ng kulog. Isa sa mga nilalang ay tinawag si Juan “Halika at tumingin”, upang makita nang mabuti bilang malapit nang makita ni Juan sa unang pagkakataon ang paghuhukom na susunod. Ang susunod ay isang pangkalahatang pagtingin sa mga mapanganib na sangkap ng paghuhukom na susunod. Ang apat na kabayo at ang mangangabayo, ang dambana at ang malaking paglindol sa susunod na talata, ay naglalarawan ng mga makapangyarihan mga aspeto ng panahon ng kapighatian.) “2 At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputi, at yaong nakasakay dito ay may isang busog; at binigyan siya ng isang putong: at siya’y yumaong nagtagumpay, at upang magtagumpay.*** (Ang paghuhukom ay magiging panahon ng pananakop, inilarawan sa pamamagitan ng puting kabayo ay makikita na kumakatawan sa makapangyarihang pananakop, Ang mangangabayo ay may pana, isang sinaunang sandata ng pagkawasak. Ang mangangabayo ay may putong na ibinigay sa kanya, ibig sabihin na siya ay sasalakay ng may awtoridad na ipinagkaloob sa kanya. Ang tagal ng pananakop ay magiging malaki gaya ng kabayo ay sumusulong at kumikilos sa buong malaking distansya ng lupain. Ang mga sakay sa kabayong ito at sa ibang mga kabayo ay hindi kumakatawan sa panahon gaya ng kinakatawan nila ang makapangyarihang uri ng mga kaganapan paulit ulit na mangyayari sa iba’t ibang mga yugto ng kapighatian. May pagkakasunod sunod sa kapighatian at pangyayari bago at pagkatapos. Gayunpaman, ang paglupig, kamatayan mula sa digmaan, pagbagsak ng ekonomiya, at kamatayan mula sa maraming kadahilanan ay magaganap sa iba’t ibang panahon ng kapighatian.) ***3At nang buksan niya ang ikalawang tatak, ay narinig ko sa ikalawang nilalang na buhay, na sinasabi, Halika. 4 At may lumabas na ibang kabayo, na kabayong mapula: at ang nakasakay dito, ay pinagkaloobang magalis sa lupa ng kapayapaan, at upang mangagpatayan ang isa’t isa: at binigyan siya ng isang malaking tabak.***(Dito ang paghuhukom mula sa ikalawang tatak ay magiging panahon ng malaking kamatayan mula sa digmaan, na inilarawan sa pamamagitan ng isang sakay sa isang pulang kabayo na pinagkalooban ng kapangyarihan na alisin ang kapayapaan sa lupa at magdulot sa mga tao na patayin ang isa’t isa. Siya ay binigyan ng tabak na magdadala ng paghuhukom ng kamatayan sa masasamang tao na naiwan.) ***5 At nang buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko sa ikatlong nilalang na buhay, na nagsasabi, Halika. At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maitim; at yaong nakasakay dito ay may isang timbangan sa kaniyang kamay.***(Sa panaho ng ikatlong tatak n na ito inilarawab sa pamamagitan ng itim na kabayo ay magiging panahon ng kaguluhan sa kontrol sa komersyo control; magkakaroon ng pagbagsak ng ekonomiya at ang mga tao ay kakain mula sa rasyon.) ***6 At narinig ko ang gaya ng isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na nagsasabi, Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; at huwag mong ipahamak ang langis at ang alak.***(Ang halaga ng pagkaing kakainin ay mapapasa ilalim ng kontrol at sukat dahil sa pagbagsak ng ekonomiya.) ***7At nang buksan niya ang ikaapat na tatak, ay narinig ko ang tinig ng ikaapat na nilalang na buhay na nagsasabi, Halika. 8 At tumingin ako, at narito, ang isang kabayong maputla: at ang nakasakay dito ay may pangalang Kamatayan; at ang Hades ay sumusunod sa kaniya. At sila’y pinagkalooban ng kapamahalaan sa ikaapat na bahagi ng lupa, na pumatay sa pamamagitan ng tabak, at ng gutom, at ng salot, at ng mga ganid na hayop sa lupa.*** (Sa panahong ito ng ikaapat na tatak ay inilarawan sa pamamagitan ng maputlang kabayo ito ang magiging panahon ng kamatayan mula sa maraming mapagkukunan. Ang pangalan ng isa na nakaupo sa maputlang kabayo ay ***“at ang Hades ay sumusunod sa kaniya.”*** upang tanggapin ang mga patay. Ang sakay ng maputlang kabayo ay pinagkalooban ng kapangyarihang pumatay sa pamamagitan ng tabak, gutom, mga salot at sa mga nilalang sa lupa na kung ang mga pandemya na ipapadala upang maminsala sa mga tao. Ang ikaapat na bahagi sa lupa ay malilipol at mawawasak sa ilalim ng Kanyang kapangyarihan.) ***9At nang buksan niya ang ikalimang tatak, ay nakita ko sa ilalim ng dambana ang mga kaluluwa ng mga pinatay dahil sa salita ng Dios, at dahil sa patotoong sumakanila:***(Binigyang-diin ng tatak na ito na kailangang magkaroon ng panahon sa pagtitiis para sa mga banal na martir, bago pa man dumatin ang panahon ng kapighatian, Dito walang pagtawag mula sa isa sa nilalang ***“Halika at Tumingin”*** Ipinapakita ng tatak na ito na ang mga banal na martir ay papatayin bago ang panahon ng kapighatian. Ang kanilang kaluluwa ay buhay at sila ay itinago sa ilalim ng dambana upang kumatawan na inihandog nila ang kanilang buhay sa Dios bilang buhay na hain; katulad ng mga hayop na pinatay upang ihain sa dambana ng Dios. Sila’y pinatay para sa Salita ng Dios. Hindi sila handang suwayin ang Salita ng Dios at ang

mga utos ng Dios at pinanatili ang kanilang buhay bilang isang mabuting patoos alang alang kay Jesus, **Sa gayong paraan kailangan nating magtiis upang gawin ang kalooban ng Dios at batahin ang pag uusig upang patuloy na mamuhay sa Salita ng Dios.)** **10 At sila'y sumigaw ng tinig na malakas, na nagsasabi, Hanggang kailan, Oh Panginoong banal at totoo, hindi mo hahatulan at ipaghihiganti ang aming dugo, sa mga nananahan sa ibabaw ng lupa?** (Sila'y naghihintay sa pangyayari ng matinding kagalakan upang sila'y mapasa kay Cristo sa maluwahating katawan. **Sa parehong paraan kailangan nating magtiis sa panahon ng pag uusig upang kapag si Cristo ay dumating kukunin Niya tayo at tayo ay mapapasa Kanya.)** **11 At binigyan ang bawa't isa sa kanila ng isang maputing balabal; at sa kanila'y sinabi, na mangagpahinga pa ng kaunting panahon, hanggang sa maganap ang bilang ng kanilang mga kapuwa alipin at ng kanilang mga kapatid, na mga papatayin namang gaya nila.** (Ang puting balabal ay kumkatawan sa balabal ng kabutihan ang mabubuting gawa ng mga banal na kailangan din nating magpatuloy sa paggawa ng mabubuting gawa ng Dios. At sila'y inutusan maghintay pa ng kaunting panahon para sa kaganapan ng rapture para sa kanilang bilang ay hindi pa buo, dahil may iba pang handang dumaan sa pagdurusa at sila'y pinatay alang alang kay Cristo. **Ang panahon ng kapighatian ay panahon ng pagtatag ng hukuman ng Dios at ipinaphayag ng paghatol ng Dios sa masasama na sumuway sa Dios at ngayon karapat dapat sila sa Kanyang paghatol. * Ang pinatay na mga banal na nasa ilalim ng dambana ay isang malinaw na saksi na binigyang katwiran sa paghuhukom ng Dios sa masasama. * Gayundin ito ay ibinigay kay Juan, at sa mga simbahan, na ang mensahe ay ipinadala sa kanila, at sa mga magbabasa ng aklat ng Pahayag, at sa atin ngayon, ang kahalagahan ng pagdurusa at pagtitiis sa pagdurusa at pagbata ng pag uusig hanggang si Cristo ay dumating at kunin tayo kasama Niya.)** **12 At nakita ko nang buksan niya ang ikaanim na tatak, at nagkaroon ng malakas na lindol; at ang araw ay umitim na gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim, at ang buong buwan ay naging gaya ng dugo;** (Sa panahon ng kapighatian ay magkakaroon ng mga panahon ng kaguluhan at magkakaroon ng pagbabago sa Langit at sa lupa. Yayanigin ng Dios ang lahat ng bagay upang hatulan ang masasaman at pagbayarin sila para sa kanilang kasamaan. Magkakaroon ng mga paglindol; ang araw ay magiging itim at ang buwan ay gaya ng dugo; Kaya ang dakilang kaganapan sa kapighatian ay magaganap sa panahon ng kapighatian gaya ng sumusunod.) **13 At ang mga bituin sa langit ay nangahulog sa lupa, gaya ng puno ng igos na isinasambulat ang kaniyang mga bungang bubot pagka hinahampas ng malakas na hangin.** (Ang mga bituin sa Langit ay mahuhulog sa lupa gaya ng igos mula sa puno ng igos. **14 At ang langit ay nahawi na gaya ng isang lulong aklat kung nalululon; at ang bawa't bundok at pulo ay naalis sa kanilang kinatatayuan.** (Mayayanig ang Langit at kikilos gaya ng balumbon kapag isinara mo ito; maging ang mga bundok at pulo ay lilipat sa kanilang kinatatayuan sa panahon ng kapighatian.) **15 At ang mga hari sa lupa, at ang mga prinsipal, at ang mga pangulong kapitan, at ang mayayaman, at ang mga makapangyarihan, at ang bawa't alipin at ang bawa't laya, ay nagsipagtago sa mga yungib at sa mga bato sa mga bundok;** (Ang mga pangyayaring iyon ay magdudulot ng kaguluhan sa mga naninirahan sa lupa na magulo; mula sa kanilang mga hari hanggang sa kanilang mga malayang tao at alipin; para matakot at pumunta at magtago. Maging ang mga hari ng lupa na may pinakamakapangyarihan sa lahat ng kanilang kayamanan hindi nila makakayanan ang paghatol ng Dios.) **16 At sinasabi nila sa mga bundok at sa mga bato, Mahulog kayo sa amin, at kami'y inyong itago sa mukha noong nakaupo sa luklukan, at sa galit ng Cordero:** Nang kinuha nila si Jesus upang ipako siya, Sinabi Niya sa babae, **“28 Datapuwa't paglingon sa kanila ni Jesus ay sinabi, Mga anak na babae ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan, kundi tangisan ninyo ang inyong sarili, at ang inyong mga anak. 29 Sapagka't narito, darating ang mga araw, na kanilang sasabihin, Mapapalad ang mga baog, at ang mga tiyang kailan ma'y hindi nangagdalang-tao, at ang mga dibdib na kailan man ay hindi nangagpapasuso. 30 Kung magkagayon ay magpapasimulang sabihin nila sa mga bundok, mangahulog kayo sa ibabaw namin; at sa mga burol, Takpan ninyo kami.”** (Lucas 23:28-30 **KJV**) Ang Kasulatang ito ay kinuha mula sa aklat ng Hosea, **“8 Ang mataas na dako naman ng Aven, ang kasalanan ng Israel ay masisira: ang mga tinik at ang mga dawag ay sisibol sa kanilang mga dambana; at sasabihin nila sa mga bundok, Takpan ninyo kami; at sa mga burol, Mahulog kayo sa amin.”** (Hosea 10:8 **KJV**) Iyon ay matutupad sa panahon ng mga pangyayari ng kapighatian; pipiliin nila ang kamatayan sa halip ng buhay upang magtago mula sa mukha ni Jesus at sa Kanyang paghatol sa lupa, dahil malaki ang poot ng Dios sa panahon ng kapighatian, at hindi sila makakatayo.) **“17 Sapagka't dumating na ang dakilang araw ng kanilang kagalitan; at sino ang makatatayo?** (Ito ang magiging panahon ng malaking poot ng Dios. **Kaya't ang ating mensahe ngayon bilang simbahan ay iparinig ang takot upang babalaan ang mga tao, ang ating sarili upang babalaan, na mamuhay ng karapat daapt sa tanging tumawag sa atin upang tayo'y maligtas mula sa pagdaan sa panahong ito ng kapighatian.)** (Pahayag 6:17 **KJV**)

Sa aking Mahal at minamahal:Patuloy nating pagnilayan ang lahat ng ating binasa mula sa Banal na Kasulatan at sa paliwanag na magaganap sa hinaharap, at ipamuhay ang ating buhay sa kabanalan at sa pagkatakot sa Dios, upang makuha tayo ng Panginoon sa Kanyang pangalawang pagparito at matakasan ang kapighatian na magaganap pagkatapos. Kunin natin ang mensaheng ito at ipalaganap ito at babalaan ang mga inaabot natin tungkol sa magaganap sa pagparito ng Panginoon, upang maihanda nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pagsisi at baguhin ang kanilang mga landas.

Tayo ay manalangin....

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa harap mo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong babalang mensahe mula sa iyong Salita tungkol sa magaganap at sa panahon ng kapighatian at pagparito ni Jesus.

Ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan, upang ikaw ay maging handa at makuha sa rapture kapag si Cristo ay pumarito upang kunin tayo kasama Niya sa Langit, at sa gayon matakasan mo ang kapighatian. Talikdan ang iyong mga kasalanan ng kamunduhan, pagibig sa materyal n mga bagay, kasiyahan at katanyagan. Talikdan ang pagnanasa ng mga mata at pagnanasa ng iyong puso. Talikdan ang iyong pagsamba sa iyong dios-diosan at ang mga bagay na iniibig mo at pinarangalan mo ng higit as Dios. Talikdan ang iyong mga imoralidad, pagsisinungaling, pagnanakaw, katamaran, at pagkamakasari. Talikdan ang iyong pagdududa, kawalan ng pananampalataya, pakikisama sa hindi mga mananampalataya, pagiging masamang halimbawa sa iba, ang iyong masamang pangangasiwa, ang iyong kawalang kahandaan na maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya, ang iyong katigasan ng ulo at iyong pagpapaliban na pagsunod.

Panginoon patawarin ako, Ako 'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan _____

Panginoon ipinangako ko ang aking sarilin na ipamuhay ang aking buhay para sa iyo, gawin ang iyong kalooban at ang mabuting plano na mayroon ka sa akin. Panginoon ipinangako ko ang aking buhay an mamuhay sa kabanalan at ipangaral ang iyong Salita at ang iyong pagbabalik sa mga taong nakapalibot sa akin, at babalaan sila tungkol sa panahon ng kapighatian. Panginoon itaas ako ng iyong biyaya at awa, maglaan ka para sa amin at protektahan ako mula sa pag uusig hanggang makamit ko ang iyong layunin sa aking buhay.

Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay na mabuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo sa paghahayag ng iyong Salita at ng Iyong kalooban. Panginoon protektahan sila at ilaan mo ang para sa kanila at puspusing silang muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang mga espirituwal na mga kaloob na kailangan nila sa kanilang buhay na yumaon at maglingkod sa iyo.

Panginoon pagpalain kami bilang iyong simbahan ipinangako namin ang aming sarili na ipamuhay ang aming buhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon protektahan kami at patnubayan kami ng iyong Salita at ng iyong pangalawang pagparito sa mga taong nakapalibot sa amin at sa aming mga anak at mga alagad. Panginoon paging dapatin kami na abutin ang bagong mga tao ng evangelio ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon patnubayan kaming magsanay ng bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong pag aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan. 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin an gaming lupain sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang Buhay Pagkatapos ng Kamatayan Yugto 9 Pahayag Kabanata 5-6 Ang Pangalawang Pagparito – Ang Kapighatian. Pahayag 5:1-14. Juan 1:29. 1 Corinto 15:39-41. Lucas 23:28-30. Hosea 10:8. Pahayag 6:1-17.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:

First Abu Dhabi Bank (FAB)

ACCOUNT NAME:

RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF

ACCOUNT NO:

1576003753162014

IBAN:

AE3803151576003753162014

SWIFT CODE:

NBADAEEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com